

**WARM-UP**

- Anong kanta ang natutuwa kang pakinggan? Ano ang nagustuhan mo sa kantang ito?
- Sinu-sino ang mga pinakamalalaking impluwensya sa buhay mo? Bakit ka nakikinig sa kanila?
- Kapag nagbibigay ka ng payo o nagpapalakas ng loob ng iba, paano sila tumutugon? Balikan ang isang pangyayari na nagpapaliwanag nito.

**WORD** *“Lumapit kayo sa akin at pakinggan ito: Mula pa ng pasimula hindi ako nagsalita nang lihim. Sa panahon na nangyari ang sinabi ko, naroon ako.” At ngayon sinugo ako ng Panginoong Diyos at ng kanyang Espiritu . . . **ISAIAH 48:16***

(Basahin din ang **ISAIAH 48:12-15.**)

Ang pagkilala sa isang tao ay may kasamang paglapit at pakikinig. Kung magpapakatotoo tayo sa sarili natin, aaminin natin na hindi tayo magaling makinig. Ang iba ay mas pipiliing magsalita samantalang ang iba naman ay madaling nasisira ang atensyon at mas gugustuhing ilaan ang oras nila sa paggawa ng ibang bagay. Sa Isaias 48:12–15, tinatawag ng Diyos ang Kanyang mamamayan na makinig at lumapit sa Kanya. Nais Niyang makilala nila Siya. Ang walang hanggang Diyos ay nagnanais na personal na makilala ng Kanyang mamamayan. Ngayon, titingnan natin ang Kanyang imbitasyon at ang kapakinabangan ng paglapit sa Kanya.

## 1 | Nakikinig tayo sa Diyos upang malaman na Siya ang namamahala.

*“Makinig kayo sa akin, kayong mga taga-Israel na aking pinili. Ako ang Diyos; ako ang pasimula at ang wakas ng lahat.”* **ISAIAH 48:12**

Sa Bibliya, ang salitang “makinig” ay kadalasang nangangahulugan ng pagtuon ng atensyon. Iniimbitahan tayo ng Diyos na aktibong makinig sa Kanya upang mas makilala natin Siya. Habang ganap tayong nakikinig sa Kanya at nakatuon sa Kanyang tinig, naaalala natin na Siya ang pasimula at ang wakas. Nangangahulugan ito na ang Diyos ay makapangyarihan, mapagkakatiwalaan, at walang hanggan. Bagama’t maraming bagay ang nagbabago at naglalaho, nananatili ang Diyos. Sa palagay mo, bakit nais ng Diyos na malaman ng Kanyang mamamayan na Siya ang namamahala?

---

---

## 2 | Nakikinig tayo sa Diyos upang malaman na mahal Niya tayo.

*“Magtipon kayong lahat at makinig: Sino sa mga diyos-diyosan ang humulang lulusubin ng aking kaibigan ang Babilonia para sundin ang ipinapagawa ko laban sa bansang iyon? Wala!”*

**ISAIAH 48:14**

Mahal ng Diyos ang Kanyang mamamayan. Maging ang kawalan natin ng katapatan ay hindi nagpapawalang saysay sa katapatan ng Diyos. Tinutupad Niya ang Kanyang mga layunin at inihahayag Niya ang Kanyang pagmamahal sa salita at gawa. Ang pagmamahal ng Diyos ay nagbibigay daan upang makilala natin Siya. Nagbibigay din ito ng katiyakan at kasiyahan sa atin dahil alam natin na ang Kanyang pagmamahal sa atin ay hindi mabibigo. Ano ang panalangin ni apostol Pablo para sa iglesia sa Mga Taga-Efeso 3:14–19? Paano niya inilarawan ang pagmamahal ng Diyos?

---

---

## Nakikinig tayo sa Diyos upang malaman na lagi Siyang malapit sa atin.

*"Lumapit kayo sa akin at pakinggan ito: Mula pa ng pasimula hindi ako nagsalita nang lihim. Sa panahon na nangyari ang sinabi ko, naroon ako." At ngayon sinugo ako ng Panginoong Diyos at ng kanyang Espiritu . . . ISAIAH 48:16*

Simula sa umpisa, sinamahan na ng Diyos ang Kanyang mamamayan at pinakita Niya ang Kanyang sarili bilang matapat na Diyos. Simula noon, hinahanap na Niya ang Kanyang mamamayan at tinatawag silang lumapit sa Kanya. Iniiimbitahan Niya ang Kanyang mamamayan na lumapit sa Kanya at ipinapangako Niyang Siya rin ay lalapit sa kanila (Santiago 4:8). Paano ka inaanyayahan ng Diyos na lumapit sa Kanya araw-araw?

---

---

### APPLICATION

- Paano naapektuhan ng pakikinig sa Diyos ang buhay mo? Paano mo magagawang lumapit sa Kanya araw-araw?
- Maglaan ng oras upang pag-isipan ang mga bagay na pinakikinggan mo. Ano ang ilang bagong bagay na maaari mong gawin upang mas marinig mo ang tinig ng Diyos?
- Isipin ang isang taong kailangang mas makinig sa Diyos. Paano mo siya matutulungang akayin pabalik sa Diyos ngayong linggo?

